1

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 7**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** ANALINE C. VERGARA
**Tagasuri:** NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN
**Tagaguhit**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | Isa |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | Ikapitong Linggo | Kuwarter: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling karapatan ng bata (Rights of a Child). | | | |
| B. *Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga sariling karapatan na tinatamasa bilang bata upang malinang ang paggalang | | | |
| C. *Lilinanging Pagpapahalaga* | Magalang | | | |
| D. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa bilang bata.<br>a. Natutukoy ang mga sariling karapatan ng bata (Rights of a Child) (hal. pangalan, edukasyon, pagkain, tubig, tahanan, pamilya);<br>b. Natutuklasan na ang mga sariling karapatan (Rights of a Child) bilang bata ay nagpapabuti sa kanyang kapakanan; at<br>c. Naipahahayag ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata na kanilang tinatamasa. | | | |
| E. *Mga Layunin* | 1. Nakikilala ang kahulugan ng karapatan<br>2. Natutukoy ang mga pangunahing karapatang dapat tinatamasa ng mga bata | 1. Naibabahagi ang karanasan kaugnay ng karapatang tinatamasa<br>2. Nahihinuha ang buting naidudulot ng pagkakaroon ng Karapatan ng bata<br>3. Naipakikita ang paggalang sa bawat isa kaugnay ng Karapatan | 1. Naipapahayag ang saloobin sa mga karapatang di gaanong natatamasa ng mga bata<br>2. Naipapahayag ang paggalang sa mga Karapatan ng kapwa sa pamamagitan ng pagtulong at pagkukuwento ng dapat gawin kung nalalabag ang Karapatan | 1. Naipakakita ang angkop na kilos sa pagtatamasa ng Karapatan<br>2. Naipakakita ang pasasalamat sa mga nagbibigay ng pagkakataon na matamasa ang mga Karapatan<br>3. Naipapakita ang pagiging magalang sa Karapatan ng kapwa |




DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · Department of Education NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. *Disensyong Instruksyunal* | Context, Connection, Collaboration, Inclusive & Integrative | Context, Connection, Collaboration, Inclusive & Integrative | Context, Connection, Collaboration, Inclusive & Integrative | Context, Connection, Collaboration, Inclusive & Integrative |
| 2. *21st Century Skills* | Intrapersonal Skills | Collaboration<br>Interpersonal Skills | Reflective Thinking<br>Interpersonal skills | Reflective Thinking<br>Interpersonal Skills |
| 3. *Integrasyon* | Literacy, AP | Literacy, AP | Literacy, AP | SEL, Literacy,AP |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Mga Sariling Karapatan Bilang Bata (Rights of a Child) | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | MATATAG Curriculum Guide | MATATAG Curriculum Guide | MATATAG Curriculum Guide | MATATAG Curriculum Guide |
| B. *Iba pang Kagamitan* | BAWAT BATA by APO HIKING SOCIETY - YouTube | Mga Karapatan ng Batang Pilipino - YouTube (https://www.youtube.com/watch?v=F3xletkXUGI) | Mga larawan sa Deped Commons | https://www.youtube.com/watch?v=rgcrq5LUaiE<br><br>https://www.canva.com/design/DAGJHrVT08A/IycD4ex1jtYwSw2NLDgPvg/edit<br><br>OpenAI.2024.(*Ang Mga Karapatan ng Bata) retrievedfrom*ChatGPT |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **1.Balik-aral:**<br><br>Pag-usapan ang nakaraang aralin tungkol sa pagpapahalaga sa mga yaman ng kapaligiran.<br><br>**2.Pagganyak:** | 1. **Balik-aral:**<br><br>Balikan ang aralin tungkol sa karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng pag-awit ng "Bawat Bata." | **1. Balik-aral:**<br><br>Balikan ang aralin tungkol sa karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng pag-awit ng<br>"Bawat Bata" nang may aksyon. | **1. Balik-aral:**<br><br>Mga bata kayo ba ay nakakita o may kakila ng mga |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Maghanda ng mga *coloring sheets* na sapat para sa lahat ng bata sa klase. Siguruhin ang bawat *coloring sheet* ay may larawan na nagpapakita ng iba't ibang karapatan ng bata<br><br>Panuto:<br>● Bigyan ang bawat bata ng tig-iisang *coloring sheet.*<br><br>● Hayaan ang mga bata na kulayan ang mga *coloring sheets*.<br>● Pagkatapos kulayan ng mga bata ang kanilang coloring sheet, hayaan silang gupitin ito sa gilid.<br><br>Mga larawan:<br>(See Child's rights sheets)<br><br>Kung tapos na kayong magkulay at maggupit ng mga larawan, pwede na ninyong ibigay sa akin.<br><br>Huwag kalimutang isulat ang pangalan upang makilala ang mahuhusay | Hikayatin ang mga bata na gumawa ng aksyon ukol sa awit.<br><br>**2.Pagganyak:**<br><br>Itanong sa mga bata:<br>Sino ang bumibili ng inyong pagkain? mga damit? gamot kung kayo ay nagkakasakit?<br><br>Posibleng sagot:<br>Nanay o tatay<br><br>Sabihin:<br>Ang mga bagay na inyong binanggit ay inyong Karapatan na dapat tinatamasa o nararanasan sa loob ng tahanan. | **2.Pagganyak:**<br><br>Maglaro ng "**Tama o Mali**"<br><br>Magpakita ng mga larawang nagpapakita ng karapatan ng bata.<br><br>Panuto:<br><br>Itaas ang dalawang hinlalaki na nakaturo sa taas (*thumbs up)* kung ang larawan ay nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng bata. Ituro naman sa ibaba ang mga hinalalaki (*thumbs down*) kung ito ay hindi nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng mga bata.<br><br> | 1. Nakatira sa kalsada at nanlilimos ng pera o pagkain<br>2. Hinihiya at minamaliit<br>3. Maysakit at hindi ipinapagamot<br>4. Hindi pinag-aaral<br>5. Iniiwan sa mga taong siya ay hindi kumportable<br><br>Ano ang nararamdaman nyo para sa kanila?<br><br>**2.Pagganyak:**<br>Mga bata, Panoorin natin ang isang maikling music video na ito.<br><br><br>**[https://www.youtube.com/watch?v=rgcrq5LUaiE](https://www.youtube.com/watch?v=rgcrq5LUaiE)**<br>Tanong: |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa pagkukulay at paggugupit. | |     | - Tungkol saan ang napanood na music video? Magbigay ng mga bagay na tumatak sa iyong isipan mula sa awitin. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | |   | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Sabihin:**<br><br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>a. Nakikilala ang kahulugan ng karapatan<br>b. Natutukoy ang mga pangunahing karapatang dapat tinatamasa ng mga bata | **Sabihin:**<br><br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>1. Naibabahagi ang karanasan kaugnay ng karapatang tinatamasa<br>2. Nahihinuha ang buting naidudulot ng pagkakaroon ng Karapatan ng bata<br>3. Naipakikita ang paggalang sa bawat isa kaugnay ng Karapatan | **Sabihin:**<br><br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br><br>1.Naipapahayag ang saloobin sa mga karapatang di gaanong natatamasa ng mga bata<br>2. Naipapahayag ang pagggalang sa mga Karapatan ng kapwa sa pamamagitan ng pagtulong at pagkukuwento ng dapat gawin kung nalalabag ang Karapatan | **Sabihin:**<br><br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>1.Naipakikita ang angkop na kilos sa pagtatamasa ng Karapatan<br>2.Naipakikita ang pasasalamat sa mga nagbibigay ng pagkakataon na matamasa ang mga Karapatan<br>3. Naipakikita ang pagiging magalang sa Karapatan ng kapwa |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Itanong ang mga sumusunod:<br><br>1.Sino-sino sa inyo ang kumain na bago pumasok?<br><br>Palakpakan natin ang mga batang nagtaas ng kamay.<br><br>2.Itaas naman ang kamay ng mga batang may tinitirhan?<br><br>Palakpakan natin sila.<br><br>3.Tumayo ang nakapaglalaro kasama ang mga kaibigan?<br><br>Palakpakan natin ang mga tumayo<br><br>Ang inyong pagkain, tirahan, at paglalaro maging ang pag-aaral sa ating paaralan ay mga Karapatan ng isang batang tulad ninyo. | Gawain: **Laruan ng Kuwento**<br>Mga Susing Salita**:**<br>• Karapatan<br>• Karanasan<br>• Paggalang<br>• Buting Naidudulot<br><br>Panuto**:**<br>Magpapakita ng mga laruan ang guro. Pipili ang bata ng nais niyang laruan at hayaan siyang magkukwento ng isang karanasan na may kinalaman sa pagpapakita ng paggalang sa ibang tao. Sa pagkukwento, dapat ipakita ng bawat bata kung paano niya ginamit ang kanyang karapatan upang makapagbigay ng magandang naidulot sa iba.<br><br>Sa pamamagitan ng laruang ito, matutulungan ang mga bata na maunawaan at maipakita ang kahalagahan ng pagkakaroon ng karapatan, karanasan, paggalang, at mga positibong bagay na maaaring maidulot ng mabuting asal at pag-uugali. | Gagamitin ng guro sa mga simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na maibigay ang kahulugan nito.<br><br>Maaring magbigay ng halimbawa ang guro.<br>➢ Proteksyon – Ito ang tawag sa pagpapanatiling ligtas ang mga bata<br>➢ Maipagtanggol – Mahalagang maipagtanggol ang mga bata mula sa mga taong maaaring gumawa ng hindi maganda.<br>➢ Pagpapabaya – Pagpapabaya ang tawag kung hindi ibinibigay ang pangangailangan ng bata.<br>➢ Pang-aabuso – Pang-aabuso ang tawag kapag ang bata ay sinasaktan at | Matching Type<br><br>Isulat ang letra ng tamang kahulugan ng salita sa Hanay A na matatagpuan sa Hanay B.<br><br>Hanay A<br><br>___1.Karapatan<br>___2.Kapuwa<br>___3. Pasasalamat<br>___4. Pagkakataon<br>___5. Paggalang<br><br>Hanay B<br><br>A. <br><br>B.  |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ginagawan ng hindi maganda.<br>➢ Panganib – Panganib naman ang dulot ng pagpapabaya, pang-aabuso, at kawalan ng proteksyon sa mga bata | C.<br><br>D.<br><br><br>E.<br>.<br> |
| ***Habang Itinuturo ang Aralin*** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Ituro sa mga bata ang awit na, "Ang Bawat Bata"<br><br>[BAWAT BATA by APO HIKING SOCIETY - YouTube] | Ipapanood sa mga bata ang *video* na ito:<br><br>[Mga Karapatan ng Batang Pilipino - YouTube] ([https://www.youtube.com/watch?v=F3xletkXUGI]) | Karapatan ng bawat bata ang maipagtanggol at mabigyan ng proteksyon mula sa panganib at pang-aabuso.<br><br>Ipapakitang muli ang sumusunod na larawan at ipaliwanag ang bawat isa. | Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong .<br><br>Ang Mga Karapatan ng Bata |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | [BAWAT BATA - YouTube](#)<br><br>[bawat bata may pangalan at karapatan - YouTube](#)<br><br>Siguraduhing ang liriko ng awit ay nakasulat sa *manila paper* upang ito ay mabasa ng mga bata habang nakikinig sa awit.<br><br>[Chorus]<br>Ang bawat bata sa ating mundo;<br>Ay may pangalan, may karapatan.<br><br>Tumatanda ngunit bata pa rin;<br>Ang bawat tao sa ating mundo.<br><br>[Verse 1]<br>Hayaan mong maglaro ang bata sa araw;<br>Kapag umulan nama'y magtatampisaw.<br>Mahirap man o may kaya,<br>Maputi, kayumanggi;<br>At kahit ano mang uri ka pa;<br>Sa 'yo ang mundo 'pag bata ka. | Sabihin sa mga bata:<br><br>*Mga bata alin sa mga nabanggit sa video ang inyong nararanasan o tinatamasa?*<br><br>(Ang mga inaasahang sagot ay:<br>-Magkaroon ng pangalan at nasyonalidad<br>-Magkaroon ng tahanang payapa at ligtas<br>-Magkaroon ng pamilyang mag-aaruga<br>-Magkaroon ng sapat na pagkain, makapaglaro, at malusog at aktibong katawan)<br><br>Hayaan ang mga bata na mag-isip habang pinaliliwanag ang kahulagan ng bawat isa.<br><br>Sabihin sa mga bata: *Mga bata ang ikalawang grupo ng mga karapatan ng bata ay tungkol sa pagpapaunlad ng inyong mga sarili, kakayahan, at talento.*<br><br>*Alin sa mga karapatang sinabi sa video ang maaaring* | Ang sumusunod ay ilan sa halimbawa ng kawalan ng proteksyon sa mga bata.<br><br>Ang mga batang nakatira sa kalsada, namamalimos o humihingi ng pagkain sa daan ay hindi ligtas.<br><br>Ang mga batang maysakit at may kapansanan na hindi ipinapagamot at hindi pinag-aaral ay napapabayaan noong panahon ng pandemya.<br><br>Ang pangmamaliit at panghihiya ay maituturing na pang-aabuso.<br><br>Kung ang bata ay iniiwan sa mga taong pakiramdam niya ay hindi siya ligtas, ito ay isang pagpapabaya. | Si Liza ay isang bata na mahilig mag-aral at maglaro. Alam niya na may karapatan siyang mag-aral at maglaro. Tuwing umaga, nagsisimula siyang mag-aral kasama ang kanyang mga kaklase. Pagkatapos ng klase, naglalaro sila sa park. Napakasaya ni Liza dahil alam niyang binibigyan siya ng kanyang mga magulang at guro ng pagkakataon na matamasa ang kanyang mga karapatan.<br><br>**Mga Tanong:**<br><br>1. Ano ang karapatan ni Liza na tinatamasa niya araw-araw?<br>2. Paano ipinakita ni Liza ang kanyang kasiyahan sa kanyang mga karapatan?<br>3. Sino ang mga taong nagbibigay kay Liza ng pagkakataon na |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | [Chorus]<br>Ang bawat bata sa ating mundo;<br>Ay may pangalan, may Karapatan.<br>Tumatanda ngunit bata pa rin;<br>Ang bawat tao sa ating mundo.<br><br>[Verse 2]<br>Bawat nilikha sa mundo'y Minamahal ng Panginoon.<br>Ang bawat bata'y may pangalan,<br>May karapatan sa ating mundo. | *magpaunlad ng inyong sarili, kakayahan at talento?*<br>*Posibleng sagot:*<br>-Mapaunlad ang sariling kakayahan<br>-Mabigyan ng pagkakataong maglaro at maglibang | Source: Mga larawan mula sa DepEd Commons.<br> | matamasa ang kanyang mga karapatan? |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan.<br><br>Sabi sa awit, ano-ano ang dapat mayroon sa bawat bata?<br><br>*Ang mga maaaring sagot dito ay:*<br>- *may pangalan*<br>- *may karapatan* | Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan.<br><br>1. Bakit mahalaga na makapag-aral ang mga bata?<br>2. Ano kaya ang mangyayari kung ang mga bata ay hindi nakakapag-aral?<br>3. Bukod sa pagpasok sa paaralan, ano pa ang ibang paraan upang mapahusay | Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan.<br><br>Ano ang maaaring mangyari sa bata kung siya ay:<br><br>1. Nakatira sa kalsada at nanlilimos ng pera o pagkain<br>2. Hinihiya at minamaliit<br>3.Maysakit at hindi ipinapagamot | Tanong Komprehension<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat sitwasyon.<br><br>Sitwasyon 1:<br>Angkop na Kilos sa pagtatamasa ng Karapatan<br><br>Nasa palaruan ang magkaibigan Jose at Anjo. May batang gustong sumali sa kanilang laro. Ano ang dapat nilang gawin?<br><br>Posibleng Sagot: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Isa-isahin ang mga bagay na dapat ginagawa ng mga bata?<br>*Ang ilan sa mga maaaring sagot ayon sa awit ay:*<br>*makapaglaro*<br>*minamahal* | ang inyong mga kakayahan?<br><br>4. Sa mga karapatang ito, paano ninyo pinakikita ang pagpapahalaga sa mga ito?<br><br>5. Paano ninyo pinakikita ang pasasalamat sa inyong mga magulang o mga taong tumutulong upang ito ay inyong matamasa? | 4. Hindi pinag-aaral<br>5. Iniiwan sa mga taong siya ay hindi kumportable<br><br>Ang mga gawaing ito ay hindi ligtas, mapanganib, at maaaring maglagay sa mga bata sa peligro.<br><br>Hindi masisiguro ang maayos na paglaki at pag-unlad ng mga bata kung mararanasan nila ang mga bagay na ito.<br><br>Ang pamahalaan ang pangunahing ahensiya na tumutugon sa mga ganitong uri ng sitwasyon. | Ipakita ang pagtanggap sa bagong bata sa palaruan at iagalang ang kanyang Karapatan na maglaro.<br><br>Sitwasyon 2: Pagpapasalamat sa Pagkakataon<br><br>Binigyan ng guro ang mga bata ng mga bagong libro. Paano magpapasalamat ang mga mag-aaral?<br><br>Posibleng Sagot: Ipakita ang tamang paraan ng pagpapasalamat sa guro at pagpapahalaga sa pagkakataong matuto. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | *Ipaliliwanag na ang pangalan at nasyonalidad ay nakasulat sa birth certificate ng bawat tao.*<br><br>*Kung ang bata ay walang birth certificate, siya ay walang pangalan at nasyonalidad. Hindi* | Gawain: "Karapatan sa Araw-araw" Role-Playing<br><br>Panuto:<br>1. Hatiin ang klase sa maliit na grupo.<br>2. Bigyan ang bawat grupo ng sitwasyon na nagpapakita ng isang Karapatan. | - Ipakita ang ilang larawan ng mga bat ana maaring hindi tinatamasa ang kanilang mga Karapatan,tulad ng batang hindi nakakapsok sa | Role-Playing<br>Panuto:<br>1. Hatiin ang mga mag-aaral sa 3 grupo gamit ang mga stwasyon sa ibaba.<br>2. Pagusapan at maghanda ng isang maikling role-play. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *siya makakapasok sa libreng paaralan at hindi mabibigyan ng benepisyo at serbisyo ng pamahalaan tulad ng 4Ps, libreng bakuna, libreng pagpapagamot, at iba pa.*<br><br>Bakit nga ulit mahalaga ang *birth certificate*, mga bata?<br><br>Pag-uwi ninyo, tanungin ninyo ang inyong mga magulang kung kayo ba ay may *birth certificate* na, kung wala ay agad na kumuha sa lalong madaling panahon.<br><br>Ayon sa awit, karapatan din ng mga bata ang makapaglaro.<br><br>Kayo ba mga bata ay nakakapaglaro? Ano ang mga paborito ninyong laro?<br><br>Pinagbabawalan ba kayong maglaro? Sa paaralan man o sa | *3.* Tulungan ang mga batang unawain ang bawat sitwasyon.<br><br>Mga Sitwasyon:<br>1. Karapatan sa Pag-aaral:Ang inyong guro ay nagtuturo ng bagong aralin.Ano ang dapat ninyong gawin at paano kayo dapat magpasalamat sa inyong guro?<br>2. Karapatan sa Paglalaro: Sa oras ng paglalaro,paano kayo maglalaro nang magalang at may respeto sa Karapatan ng inyong mga kaklase?<br>3. Karapatan sa Kalusugan: Pumunta kayo sa clinic ng paaralan Paano ninyo pinakikita ang tamang kilos habang naghihintay at paano kayo magpapasalamat sa *nurse* o doktor?<br><br>Bigyan ng oras at pagkakataon ang ibang mag-aaral ng puna at magtanong tungkol sa ipinakitang sitwasyon. | paaralan, batang walang laruan, o batang walang sapat na pagkain.<br>- Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang nararamdaman nila kapag nakikita ang mga batang ito. Maaaring iguhit o sabihin ang kanilang nararamdaman.<br>- Tumawag ng batang magbabahagi ng kanilang sagot.<br><br>Mga tanong;<br>1. Ano ang nararamdaman mo kapag nakikita mo ang batang hindi nakakapasok sa paaralan?<br>2.Ano ang masasabi mo sa batang walang laruan?<br>3. Paano kaya natin matutulungan ang mga batang hindi natatamasa ang kanilang mga Karapatan? | Sitwasyon 1:<br>May batang hindi pinapayagan maglaro dahil hindi siya kilala ng iba. Ano ang dapat gawin ng mga bata para ipakita ang paggalang sa Karapatan ng bagong bata?<br>Sitwasyon2:<br>Tumanggap ka ng regalo mula sa iyong guro. Paano mo ipakikita ang pasasalamat dito?<br>Sitwasyon 3:<br>May batang nangngailangan ng tulong sa paggawa ng takdang-aralin. Paano mo ipakikita ang angkop na kilos sa ganitong sitwasyon?<br><br>-Hayaan ang bawat grupo na pagaralan at magrole-play. Pagkatapos ay talakayin kung paano nila naipakita ang mga susing ideya dito. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tahanan, ang mga bata ay dapat may oras sa paglalaro. Ngunit, kailangang tumulong muna sa mga gawaing bahay at mag-aral ng leksyon.<br><br>Karapatan din ng bawat bata na mahalin. Ang bawat bata ay may payapang bahay at pamilyang nagbibigay ng kanyang mga pangangailangan tulad ng pagkain at damit. Mahalaga na ang pinakakain sa inyo ng pamilya ay masustansya.<br><br>Mayroon ba sa inyo o may kakilala ba kayong kailangang magtrabaho para makakain, mga bata? Sa ganitong pagkakataon, maaari ninyong sabihin sa akin bilang inyong guro upang mailapit natin ang inyong sitwasyon sa barangay. | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Pagkatapos Ituro ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Mga bata, tandaan ninyo na kayo ay dapat minamahal at inaalagaan. Kaming mga guro, pamilya, at mga nakakatanda ay dapat tumutulong upang makamit ninyo ang inyong mga karapatan.<br><br>Ano-ano nga ulit ang mga karapatang ito?<br><br>- Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad<br>- Magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga<br>- Manirahan sa payapa at tahimik na lugar<br>- Magkaroon ng sapat na pagkain, malusog, at aktibong katawan | Pagkatapos ng lahat ng role - playing magdaos ng isang talakayan<br><br>Tanong;<br><br>1. Ano ang mga Karapatan na inyong natutunan sa ating Gawain?<br><br>2. Paano ninyo maipapakita ang tamang kilos sa pagtatamasa ng inyong mga Karapatan?<br>3. Bakit mahalaga ang pagpapasalamat sa mga nagbibigay sa atin ng pagkakataon na matamasa ang ating mga karapatan?<br>4. Paano natin maipapakita ang paggalang sa Karapatan ng ating kapwa?<br>5. Ano ang inyong natutunan tungkol sa pagiging magalang at nagpapasalamat sa araw-araw?<br><br>Paglalahat:<br><br>Ang bawat bata ay may Karapatan na dapat nilang tinatamasa tulad ng pag-aaral,paglalaro, at kalusugan.<br>Ang pagpapasalamat sa nagbibigay ng pagkakataon na matamasa ang ating mga | Ang bawat bata ay may karapatan. Pero may pagkakataon na may mga taong hindi iginagalang ang mga karapatang ito.<br><br>Sa ganitong pagkakataon ay mahalagang makilala ang mga taong maaaring tumulong sa kanila.<br><br>Iparamdam sa kanila na ang guro o punongguro sa paaralan ay maaaring hingan ng tulong sa pagkakataon na nararamdaman niyang siya ay nasa panganib. | Magsimula ng isang talakayan sa klase tungkol sa kahalagahan ng mga karapatan ng bawat bata.<br>Hayaang magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang mga karanasan kung paano nila tinatamasa ang kanilang mga karapatan at kung paano nila ipinapakita ang paggalang sa karapatan ng iba.<br> Magbigay ng mga katanungan na tutugunan ng mga mag-aaral, tulad ng:<br><br>• Ano ang natutunan mo tungkol sa iyong mga karapatan?<br>• Paano mo ipapakita ang paggalang sa karapatan ng iba sa araw-araw?<br>• Bakit mahalaga ang pagpapasalamat sa mga nagbibigay ng pagkakataon na |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Karapatan ay isang mahalagang ugali na nagpapakita ng ating paggalang at pagpapahalaga sa kanilang tulong at suporta. | | matamasa ang iyong mga karapatan? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto:<br>BIlugan ang mga larawang nagpapakita ng karapatan ng bata sa sumusunod na mga larawan.<br><br><br> | Panuto:<br>Basahin ang mga salita sa loob ng panaklong. Isulat sa patlang ang tamang salita upang mabuo ang pangungusap.<br>1. Ang mga bata ay may karapatang ______ sa paaralan.<br>( mag-aral,magpahinga)<br>2.Ipinapakita ko ang _______ sa aking guro sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mga utos.<br>(pasasalamat,paggalang)<br>3.Kapag may bago akong kaklase,ako ay ________ upang ako ay maging kaibigan niya.<br>(magagalitin,magalang)<br>4.Nagpapakita ako ng angkop na kilos sa library sa pamamagitan ng _______.<br>(pagtahimik,pagsigaw)<br>5.Ako ay ________ sa mga nagbigay sa akin ng pagkakataon na mag-aral.<br>(nagtatampo, nagpapasalamat) | Panuto:<br>Basahin at unawain ang bawat tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.<br>1. Ano ang dapat mong gawin kung may batang hindi pinapayagang maglaro sa palaruan ng paaralan?<br>A. Tawanan siya.<br>B. Tawagin ang guro.<br>C. Hindi siya pansinin.<br>2. Ano ang dapat mong gawin kung ang iyong kaklase ay walang baon na pagkain?<br>A. Hindi siya pansinin<br>B. Alukin siya ng pagkain<br>C. Tuksuhin siya.<br>3. Ano ang dapat mong gawin kung may batang inaapi ng mas malaking bata?<br>A. Magsumbong sa guro.<br>B. Hindi pansinin ang sitwasyon.<br>C. Sumali sa pang-aapi.<br>4. Paano mo maipapakita ang paggalang sa Karapatan ng kapwa mo?<br>A. Tuksuhin ang kaibigan. | Panuto:<br>Basahin at unawain ang bawat tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.<br>1. Ano ang dapat mong gawin kapag nakakita ka ng bagong kaklase na nag-iisa?<br>A. Iwasan siya<br>B. Tuksuhin siya<br>C. Hikayatin siyang makipaglaro<br><br>2.Paano ka nagpapakita ng pasasalamat sa iyong guro?<br>A. Pagsunod sa kanilang mga utos<br>B. Pag-aaway sa kaklase<br>C. Pagpapahinga sa klase<br><br>3. Ano ang tamang kilos kung ikaw ay nasa loob ng library?<br>A. Maglalaro |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br> | | B. Hindi tulungan ang kaibigan.<br>C. Tumulong sa kaibigan na may problema<br>5. Ano ang nararamdaman mo kapag may batang hindi nakakapasok sa paaralan?<br>A. Masaya<br>B. Malungkot<br>C. Wala akong pakialam. | B. Tatahimik<br>C. Sisigaw<br><br>4. Bakit mahalaga ang paggalang sa karapatan ng iba?<br>A. Upang magkaroon ng kasiyahan.<br>B. Upang mapanatili ang kapayapaan<br>C. Upang makakuha ng maraming laruan.<br><br>5. Ano ang dapat mong gawin kapag binigyan ka ng regalo?<br>A. Iwasan ang nagbigay<br>B. Itapon ang regalo<br>C. Magpasalamat |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph